

MAIN  
*Multilingual Assessment Instrument  
for Narratives*

N. Gagarina, D. Klop, S. Kunnari,  
K. Tantele, T. Välimaa,  
U. Bohnacker & J. Walters

**Tagalog/Filipino version**

Translated and adapted by  
Kathleen Kay Amora

Checked, corrected and reviewed by  
Rowena Garcia and Ivan Paul Bondoc

(based on the revised version in English)

© ZAS Papers in Linguistics 64 (2020)

**How to cite this version:**

Amora, K., Garcia, R., & Gagarina, N. (2020). Tagalog adaptation of the Multilingual Assessment Instrument for Narratives: History, process and preliminary results. *ZAS Papers in Linguistics*, 64, 221–233 (see this paper for more information about the Tagalog/Filipino version).

Gagarina, N., Klop, D., Kunnari, S., Tantele, K., Välimaa, T., Bohnacker, U. & Walters, J. (2019). MAIN: Multilingual Assessment Instrument for Narratives - Revised. Materials for use. *ZAS Papers in Linguistics*, 63. Tagalog/Filipino version. Translated and adapted by Amora, K.

## MAIN: Tagalog/Filipino version

### Instrumento sa Pagsusuri ng Pagkukuwento gamit ang iba't ibang wika

Kathleen Kay Amora

Idinisenyo noong 2012 ang Multilingual Assessment Instrument for Narratives (MAIN) upang masuri ang kakayahan sa pagkukuwento ng mga batang may isa o higit pang wika simula sa pagkapanganak o sa murang edad. Unang ginawa ang MAIN para sa mga batang may edad na tatlo (3) hanggang sampung (10) taon, ngunit ayon sa mga bagong resulta, naaangkop din ito sa mga kabataang nasa 11 na gulang pataas, pati na rin sa mga *adult* o matatanda. Layon ng MAIN na suriin ang pag-intindi at pagsasalaysay ng mga kuwento. Nagagawa ng MAIN na suriin sa iba't ibang paraan ng paglalahad ang mga kuwento: Modelong Kuwento (Model Story), Muling Pagkukuwento (Retelling) at Pagkukuwento (Telling). Higit pa rito, maaaring gamitin ang instrumentong ito sa iba't ibang wikang alam ng isang bata. Binuo ang 2012 bersyon ng instrumento sa pamamagitan ng malawak na "*piloting*" o pagpapasubok sa higit na 500 na batang may isa (*monolingual*) o dalawang wika (*bilingual*) na may edad 3 hanggang 10 taon, sa 15 iba't ibang wika at kombinasyon nito.

Noong 2019, nagkaroon ng mga pagbabago ang Ingles na bersyon ng MAIN matapos makakuha ng mahigit sa 2,500 na transkripsyon ng kuwento gamit ang MAIN, pati na rin ang ~24,000 na mga kasagutan sa mga tanong na nagsusuri kung naintindihan ng bata ang kuwento. Nakolekta ang mga ito mula sa mahigit kumulang 700 na mga batang *monolingual* at *bilingual* sa *Germany*, *Russia* at *Sweden* simula 2013-2019. Hango sa bagong bersyon (2019) ng Ingles ang kasalukuyang bersyon ng Tagalog/Filipino.

Naglalaman ang MAIN ng apat (4) na magkakatulad na kuwento batay sa *multidimensional model of story organization*. Idinisenyong mabuti ang anim (6) na magkakasunod na larawan sa bawat kuwento. Kinontrol ang mga detalye ng bawat kuwento base sa kognitibo at lingguwistikang aspeto, pagkakarapareho (*parallelism*) sa istrukturang makro at mikro (*macrostructure* at *microstructure*), at pagiging angkop sa anumang kultura.

Kahit hindi pa "*normed*" o nasubukan sa maraming mga kalahok ang MAIN, maaaring gamitin ang pamamaraan o *standardized procedures* sa pagsusuri, rehabilitasyon at pagsasaliksik. Para sa mas detalyadong impormasyon kung paano gamitin ang MAIN, pumunta sa *chapter* na "*Background on MAIN - Revised, how to use it and adapt it to other languages*" (nakasulat sa Ingles) sa *ZAS Papers in Linguistics 63 (2019, pp. iv-xii)*. Makikita ito sa <https://zaspil.leibniz-zas.de/issue/view/53>.

Ang mga dokumento na ito ay naglalaman ng

- Mga pamantayan sa pagsusuri
- Protocol, mga talaan sa pagmamarka para sa *Pusa (Cat)*, *Aso (Dog)*, *Maliit na ibon (Baby Birds)* at *Maliit na Kambing (Baby Goats)*
- Mga katanungan
- Mga iskrip ng mga kuwento.

### ***Mga pamantayan sa pagsusuri***

Naaangkop ang MAIN sa mga batang may isa or dalawang wika at may edad na 3 hanggang 10, ngunit maaari rin tong gamitin sa mga kabataang na may 11-taong gulang pataas pati na rin sa mga matatanda. Maaari itong gamitin sa pagsusuri sa pag-intindi at pagsasalaysay ng mga kuwento. May iba't ibang paraan upang maisalaysay ang kuwento, tulad ng Modelong Kuwento, Muling Pagkukuwento, at Pagkukuwento. Nakabatay ang pagpili ng angkop na paraan (e.g., modelong kuwento/muling pagkukuwento muna bago ang pagkukuwento, o pagkukuwento muna) sa mga hangarin at pangangailangan ng pagsusuri. (Libreng pumili ang mga mananaliksik o tagasuri kung aling paraan ang kanilang nais gamitin).

Angkop ang disensyo ng MAIN sa pagsusuri ng maraming wika sa isang bata. Maaaring maunang suriin ang alinmang wika. Sa mga batang may dalawang wika, hindi dapat bababa sa 4 o 7 araw (*ideal*) ang pagitan ng pagsusuri para sa parehong wika upang mabawasan ang impluwensiya ng mga ito sa isa't isa (*cross-language interference*) pati na rin ang epekto ng pagsasanay at *carry-over*. Kung maaari, hindi dapat suriin ang bata ng iisang tao gamit ang parehong wika para maitaguyod ang konteksto ng paggamit ng isang wika lamang at upang hindi mahikayat na gamitin ang dalawang wika nang sabay (*code-switching*).


### **Mga gamit o materyales**

- 4 na magkakasunod na mga larawan: *Maliit na Ibon (Baby Birds)*, *Maliit na Kambing (Baby Goats)*, *Pusa (Cat)* at *Aso (Dog)*. Tatlong kopya ng bawat kuwento (may kulay na *printouts*), at nasa magkakahiwalay na sobre ang bawat kopya. Sa pangkalahatan, 12 na magkakahiwalay na sobre.
- 4 iskrip ng mga kuwento/teksto: *Maliit na Ibon*, *Maliit na Kambing*, *Pusa* at *Aso*
- Mga kagamitan sa pag-record (audio [tunog] at video [bidyo])
- Mga protocol sa pagtala ng mga marka para sa pagsusuri ng istrukturang makro (macrostructure), mga terminolohiya ukol sa internal na estado (internal state) at mga tanong tungkol sa pag-intindi.
- Mga tanong para sa mga magulang

### **Mga Panuto**

#### **Paraan ng paghahanda ng mga gamit**

1. I-download ang mga larawan mula sa [www.leibniz-zas.de/en/service-transfer/main](http://www.leibniz-zas.de/en/service-transfer/main)
2. I-print ang bawat PDF (i.e. bawat larawan na magkakasunod/kuwento) na may malinaw na kulay, tatlong beses sa puting A4 na papel. 9 x 9 cm ang tinatayang laki ng bawat larawan.
3. Markahan ang likod ng mga larawan ng numerong 1 hanggang 6
4. Gupitin ang dalawang hanay ng mga larawan.
5. Idikit ang mga larawan nang magkasama sa isang hanay tulad ng nasa ibaba at itiklop ito nang dalawang beses (una-dalawa-tiklop-tatlo-apat-tiklop-lima-anim)  
Paalala: Huwag gupitin at gamitin ang maliliit na larawan sa ibaba. Ito ay para lamang sa pagturo kung paano ang pagtiklop.



6. Ilagay ang bawat hanay (6 na larawan) sa magkakahiwalay na sobre, at markahan ito nang kaunti para sa pagkakakilanlan ng bawat kuwento (hal. tuldok o kulay).

### **Paraan ng pagsusuri**

- Siguruhing lubusan kang pamilyar sa bawat kuwento, sa protocol at mga panuto.
- Ihanda ang mga kagamitan para sa pag-record ng audio at video (tunog at bidyo) sa bawat sesyon. Simulan ang pag-record bago ang pag-warm up. Siguraduhing nai-record ang buong sesyon, pati na rin ang mga kasagutan ng mga bata sa mga tanong upang masuri kung naintindihan ng bata ang mga kuwento.
- Dapat nakabatay ang *warm up phase* sa inyong nakaraang karanasan at kultura. Habang kausap ang bata, kunin ang kanilang loob (*establish rapport*) at magbigay ng mga katanungan upang masiguradong naiintindihan ng bata ang mga simpleng tanong (e.g. ano, sino, saan). Mga halimbawa ng mga tanong: *Sino ang pinakamatalik mong kaibigan? Anong gusto mong panoorin sa TV? Mahilig ka ba magkuwento? Mahilig ka bang makinig sa mga kuwento?*
- Siguraduhing naglalaman ng parehong mga larawan (pagkakasunod-sunod) ang tatlong sobre. Siguraduhing nasa mesa ang mga ito bago magsimula ang pagsusuri. (Ginagawa ito para isipin ng bata na hindi alam ng magsusuri kung anong kuwento ang nilalaman ng sobre na kanyang pinili. Sa pamamagitan nito, nakontrol ang epekto ng *shared knowledge* o parehong kaalaman habang isinasagawa ang paglalahad ng mga larawan).
- Isagawa ang pagsusuri nang nauukol sa mga panuto ng mga protocol ng bawat kuwento. Sundin ang mga maaaring gawin at mga rekomendasyon para sa mga gabay o *prompts* (tingnan ang mga maaaring prompts sa ibaba).
- Mga karagdagang impormasyon tungkol sa paglalahad ng mga larawan: Habang nagsusuri, dapat nakaupo ka kasalungat o kaharap ng bata para nasa harapan ng bata ang mga larawanat hindi sa mananaliksik. Pagkuha ng bata ng mga larawan sa sobre, sabihan siya na tanggalin sa pagkakatiklop ang mga larawan at tingnan ang buong kuwento simula sa unang larawan at sabihing “*Tingnan mo ang mga larawan pero huwag mo itong ipapakita sa akin. IKAW lamang dapat ang makakakita ng kuwento*”. (Kung hindi mahawakan ng bata ang larawan o hindi niya ito matanggal sa pagkakatiklop, maaari mong hawakan ang mga larawan, ngunit nakaharap ito sa bata at hindi sa iyo).
- Kapag handa na ang batang magkuwento, tulungan mo siyang itiklop muli ang mga larawan sa tatlong bahagi. Maaari mong sabihin sa kanya ang proseso ng pagtiklop nang hindi nakatingin habang hawak ito ng bata. Sabihan ang bata na puwede na siyang magkuwento habang tinitingnan ang unang dalawang larawan. Pagkatapos niya tingnan ang una at dalawang larawan, gabayan siya sa pagbubukas ng susunod na dalawang larawan (dapat nakalahad na ngayon ang una hanggang pang-apat na larawan). Kapag natapos na ang bata, gabayan muli ito sa pagtanggap sa pagkakatiklop ng natitirang dalawang larawan para kita na ang buong kuwento.
- Pagkatapos ng bata ikuwento o ikuwentong muli ang mga larawan, simulan mo na ang mga tanong tungkol sa pag-intindi ng mga kuwento. Maaari mong sabihin ang sumusunod: “*Ngayon, may mga tanong naman ako sa iyo tungkol sa kuwento. Habang nagtatanong, hayaang nakabuklat ang mga larawan upang lubusang makita ang mga ito ng bata at ng nagsusuri.*”
- Pagkatapos ng buong sesyon, isulat (*transcribe*) ang mga kuwento at ilagay ang mga puntos sa pagsasalaysay at pag-intindi sa papel para sa pagmamarka o pagbibilang ng puntos.
- Tandaan: Hindi kumpleto ang listahan ng mga pagpipilian sa papel para sa pag-iiskor. Maaaring bigyan ng puntos kung naipahayag ng kahit anong salita ang bahagi ng istrukturang makro (*macrostructure*) tulad ng Layon (*Goal*), Pagtatangka (*Attempt*), Resulta/Kinalabasan (*Outcome*), mga terminolohiya tungkol sa internal na kalagayan/nararamdaman (*Internal State Terms*)

## Mga Gabay o Prompts

1. Huwag mong sisimulan ang kuwento para sa bata. Hikayatin ang batang magkuwento mag-isa, sa pamamagitan ng pagsabi ng “*Sabihin mo sa akin ang kuwento*” (sabay ng pagturo sa larawan).
2. Magbigay lamang ng gabay pagkatapos maghintay ng hindi bababa sa 10 segundo at kung mukhang walang sasabihin ang bata. Kung gayon, dito mo lamang maaaring ibigay ang mga gabay, tulad ng, “*Okay....*”, “*Ikaw naman....*”. Maging napaka-ingat sa pagbibigay ng mga gabay upang makaiwas na maging magkaiba ang bawat grupo sa pagsasaliksik e.g. epekto ng tagapagsiyasat o mananaliksik (*experimenter effects*). Maghintay nang mga 10 segundo: kung tahimik pa din ang bata, gabayan ito sa pamamagitan ng pagsabi ng sumusunod: “*Sabihin mo sa akin kung anong nangyayari*”. Kung tumahimik ang bata sa gitna ng pagkukuwento, hikayatin siya na magpatuloy at magkuwento pa: “*Mayroon pa ba?*”, “*Ipagpatuloy mo*”, “*Magkuwento ka pa*”, “*Tingnan natin kung ano pa puwede mangyari sa kuwento.*”
3. Hindi importante kung paano ikinuwento ng bata ang mga bida at tauhan ng kuwento, hindi mo siya kailangang iwasto. Kung hindi mahanap ng bata ang salita para sa isang kilos, tauhan at iba pa, at mukhang natigilan ito at humingi ng tulong, pakihikayat siya habang sinasabing “*Puwede mo siyang tawagin kung ano man ang gusto mo*” o “*Anong tawag mo diyan?*”.
4. Iwasan ang pagtatanong tulad ng:
  - a. “*Anong ginagawa niya dito?*”, “*Sino ang tumatakbo?*”
  - b. “*Ano ito?*”, “*Ano/Sino ang nakikita mo sa larawan*” (upang hindi matigil o maimpluwensiyahan ang pagkukuwento ng bata, upang hindi ito mahikayat na gumamit ng hindi kumpletong pangungusap, at para maiwasan ang direktang pagtukoy o *deitic references*).
5. Kung nagsimula ang batang magsabi ng kuwento gamit ang kanyang sariling karanasan, e.g. “*Nakakita ako ng ganyang ibon kaninang umaga*” o “*Pupunta ako kasama ng aking nanay sa palengke pagkatapos ko sa paaralan..*”, bigyan ang bata ng panahon na ikuwento ang kanyang sariling karanasan at sabihan ito nang marahan na ikuwento naman ang nasa mga larawan (Huwag isali sa pag-susuri ang mga parteng hindi kaugnay ng kuwento.)
6. Base sa nakaraang karanasan at sitwasyon ng kultura, maaari kang magbigay ng mga salitang makakapaghikayat sa bata tulad ng “*Mabuti*”, “*Magaling*”, pagkatapos ng bawat pares ng mga larawan (at bago tanggalin sa pagkakatiklop ang susunod na pares). (Makakatulong din ito sa mga magsasalin o mag-cocode sa pagtatalaga ng mga nabigkas na salita sa naaayon na pares ng larawan). Huwag mo itong gawin kung sa palagay mo ay nakakagambala ito sa pagkukuwento at proseso ng pag-iisip ng mga bata.

## Mga hindi dapat gawin sa pagkukumpara ng mga kuwento

- Habang sinusuri ang *bilingual* na bata sa dalawang wika, iwasan na gamitin ang mga kwentong *Pusa* at/o *Aso* para sa isang wika at ang mga kuwentong *Maliit na Ibon* at/o *Maliit na Kambing* para sa ibang wika.
- Iwasan gamitin ang mga kuwentong *Pusa* at/o *Aso* sa isang *testing point* at ikumpara ito sa *Maliit na Ibon* at/o *Maliit na Kambing* sa ibang *testing point*.
- Bakit? Hindi maaaring direktang maihahambing ang mga kuwento sa MAIN sa kahit anumang paraan. Ayon sa mga bagong resulta, may mga pagkakaiba ang apat na lawaran, lalo na sa mga tanong ukol sa pag-intindi ng mga kuwento. Magkakapareho (*parallel*) ang mga kwentong *Maliit na Ibon* at *Maliit na Kambing* (unang pares) pati na rin ang *Pusa* at *Aso* (pangalawang pares), ngunit naiiba ang mga pares ng kwento ng ito sa bawat isa sa ilang mga aspeto, e.g., kuwento, bilang ng mga karakter at iilan sa mga tanong upang masuri ang pag-intindi. Samakatuwid, siguraduhing hindi mo inihahambing ang mansanas sa mga peras.
- Kapag nagsusuri ng mga grupo ng bata gamit ang MAIN, siguraduhing gumagamit ng nararapat na pagbabalanse (*counterbalancing*), upang mabawasan ang epekto ng

kuwento at/o epekto ng paraan ng pagkuwento (Muling Pagkukuwento, Modelong Kuwento, Pagkukuwento).

Paraan ng pagbabalanse (counterbalance) para sa pagsasaliksik

Dapat balanse ang pagkakasunud-sunod ng presentasyon batay sa wika at kuwento e.g. Pusa/Aso – (pangunahin) muling pagkukuwento at Maliit na Ibon/Kambing – (pangunahin) pagkukuwento. Gamitin ang sumusunod na paraan ng pagbabalanse (kung isang wika lamang ang sinuri gamitin ang bilang 1, 2, 5 at 6 o ang bilang 3, 4, 7 and 8 bilang paraan ng *randomization* para sa mga bata).

Bilang ng bata	Wika	Modelong Kuwento/ Muling Pagkukuwento	Pagkukuwento	Wika	Modelong Kuwento/ Muling Pagkukuwento	Pagkukuwento
1	L1	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Ibon</i>	L2	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Kambing</i>
2	L1	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Kambing</i>	L2	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Ibon</i>
3	L2	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Kambing</i>	L1	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Ibon</i>
4	L2	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Ibon</i>	L1	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Kambing</i>
5	L1	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Ibon</i>	L2	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Kambing</i>
6	L1	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Kambing</i>	L2	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Ibon</i>
7	L2	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Kambing</i>	L1	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Ibon</i>
8	L2	<i>Aso</i>	<i>Maliit na Ibon</i>	L1	<i>Pusa</i>	<i>Maliit na Kambing</i>

Pakitandaan na hindi direktang maihahambing ang mga resulta ng iba't ibang kuwento at mga paraan ng pagkuwento (tumingin sa itaas)

## Protocol para sa Pusa<sup>1</sup>

### Pagkukuwento / Muling Pagkukuwento / Modelong Kuwento

Pangalan ng bata: \_\_\_\_\_

Petsa ng kapanganakan: \_\_\_\_\_

Petsa ng pagsusuri: \_\_\_\_\_

Edad sa araw ng pagsusuri: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Kasarian: \_\_\_\_\_

Pangalan ng tagapagsiyasat: \_\_\_\_\_

Simula ng exposure sa L2: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Petsa ng pagpasok sa Kindergarten \_\_\_\_\_

Pangalan ng paaralan: \_\_\_\_\_

Siguraduhing nasa mesa ang bawat sobre bago magsimula ang pagsusuri. Ihanda ang *audio-video recorder* upang mai-rekord ang sesyon. Simulan ang pagrerekord bago ang *warm-up*.

### **Warming- Up**

Halimbawa ng tanong: *Sino ang pinakamatalik mong kaibigan? Ano ang paborito mong palabas sa TV? Mahilig ka ba magkuwento? Handa ka na bang makinig sa mga kuwento?*

### **Mga Panuto**

#### **Mga Panuto sa Pagkukuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.* Pakitanggal sa pagkakatiklop ang mga larawan hanggang sa ang buong pagkakasunud-sunod ng mga larawan ang kita. *Tingnan mo muna maigi ang buong kuwento. Handa ka na ba?*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang unang dalawang larawan. Ito lamang ang dapat nakikita ng bata. Sabihin sa bata: *Ngayon, gusto ko, ikaw naman ang magkukuwento. Tingnan mo ang mga larawan at ikuwento ito sa abot ng iyong makakaya.* Maaaring magbigay ng mga gabay kung sakaling nahihiya o ayaw ng batang magsimula tulad ng: *“Pakikuwento sa akin ang mga larawan (sabay turo sa larawan).”* Pagkatapos ng batang magkuwento ng unang dalawang larawan, tanggalin sa pagkakatiklop ang mga sumusunod (para kita na lahat ng mga larawan simula 1 hanggang 4). Ulitin ang proseso hanggang sa matapos ang kuwento. Mga pwedeng gabay para sa bata kung sakaling tumahimik siya sa gitna ng kuwento: *“Mayroon pa ba?” “Ipagpatuloy mo”, “Magkuwento ka pa”, “Tingnan natin kung ano pa ang nasa kuwento”.*

Kapag tumigil ang bata nang hindi siya nagsasabi na tapos na itong magkuwento, tanungin ito *“Sabihan mo ako kung tapos ka na.”*

---

<sup>1</sup> Mayroong mga alternatibong larawan para sa kuwentong ito depende sa kultura ng lugar na paggagamitan. Pakitingnan ang website ng MAIN para rito.

Pagkatapos magkuwento ng bata, purihin ito at ibigay ang mga tanong para sa masuri ang kanyang pag-intindi sa kuwento.

### **Mga Panuto sa Muling Pagkukuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.* Tanggalin sa pagkakatiklop ang larawan hanggang sa ang bata lamang ang makakakita ng kabuuan ng kuwento. *Una, tingnan mong mabuti ang buong kuwento. Handa ka na ba? Ikukuwento ko muna ang bawat larawan tapos ikaw naman ang magkukuwento pagkatapos.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang una at pangalawang larawan. *Dito nagsisimula ang kuwento (ituro ang unang larawan): Isang araw, may isang mapaglarong pusang nakakita ng dilaw na paruparong nakaupo sa isang halaman. Lumundag ang pusa dahil gusto niyang hulihin ito. Samantala, pabalik ang isang masayahing batang lalaki mula sa pangingsda na may hawak na timba at bola. Tiningnan niya ang pusang humahabol sa paru-paro.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang pangatlo at pang-apat na larawan (para makita ng bata ang una hanggang pang-apat na larawan): *Mabilis na lumipad papalayo ang paruparo at nahulog ang pusa sa halaman. Nasaktan niya ang kanyang sarili at galit na galit siya. Sobrang nagulat ang batang lalaki kaya nahulog niya ang bolang hawak niya. Nang makita niyang gumugulong ang bola papunta sa tubig, sumigaw siya ng: "Hala, nalaglag na ang bola ko!" Nalungkot siya at gusto niyang makuhan muli ang bola niya. Samantala, napansin ng pusa ang timba ng batang lalaki at naisip niya: "Gusto kong kunin ang isda!"*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang panglima at pang-anim na larawan (para makita ng bata ang lahat ng mga larawan): *Kasabay noon, sinimulang kunin ng batang lalaki ang bola mula sa tubig gamit ang kanyang pamingwit. Hindi niya napansing nakakuha na pala ang pusa ng isda. Sa bandang huli, lubos na nasiyahan ang pusa sa pagkain ng masarap na isda at nasiyahan ang batang lalaking makuha muli ang kanyang bola.*

*At dito nagtatapos ang kuwento.*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang mga larawan hanggang sa ang unang dalawang larawan lamang ang nakikita ng bata. Sabihin sa bata: *"Ngayon, gusto ko, ikaw naman ang magkukuwento. Tingnan mo ang mga larawan at ikuwento ito sa abot ng iyong makakaya."* Maaaring magbigay ng mga gabay kung sakaling nahihya o ayaw ng batang magsimula tulad ng: *"Pakikuwento sa akin ang mga larawan (sabay turo sa larawan)."* Pagkatapos ng batang magkuwento ng unang dalawang larawan, tanggalin sa pagkakatiklop ang mga sumusunod (para kita na lahat ng mga larawan simula 1 hanggang 4). Ulitin ang proseso hanggang sa matapos ang kuwento. Mga pwedeng gabay para sa bata kung sakaling tumahimik siya sa gitna ng kuwento: *"Mayroon pa ba?" "Ipagpatuloy mo", "Magkuwento ka pa", "Tingnan natin kung ano pa ang nasa kuwento".* Kapag tumigil ang bata nang hindi siya nagsasabi na tapos na itong magkuwento, tanungin ito *"Sabihan mo ako kung tapos ka na."*

Pagkatapos magkuwento ng bata, purihin ito at ibigay ang mga tanong para sa masuri ang kanyang pag-intindi sa kuwento.

### **Mga Panuto sa Modelong Kuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.* Tanggalin sa pagkakatiklop ang larawan hanggang sa ang bata lamang ang makakakita ng kabuuan ng kuwento. *Una, tingnan mong mabuti ang buong kuwento. Handa ka na ba? Ikukuwento*



*ko muna ang bawat larawan tapos Ikukuwento ko muna ang bawat larawan tapos may mga itatanong ako sa iyo.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang una at pangalawang larawan. *Dito nagsisimula ang kuwento (ituro ang unang larawan): Isang araw, may isang mapaglarong pusang nakakita ng dilaw na paruparong nakaupo sa isang halaman. Lumundag ang pusa dahil gusto niyang hulihin ito. Samantala, pabalik ang isang masayahing batang lalaki mula sa pangangisda na may hawak na timba at bola. Tiningnan niya ang pusang humahabol sa paru-paro.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang pangatlo at pang-apat na larawan (para makita ng bata ang una hanggang pang-apat na larawan): *Mabilis na lumipad papalayo ang paruparo at nahulog ang pusa sa halaman. Nasaktan niya ang kanyang sarili at galit na galit siya. Sobrang nagulat ang batang lalaki kaya nahulog niya ang bolang hawak niya. Nang makita niyang gumugulong ang bola papunta sa tubig, sumigaw siya ng: "Hala, nalaglag na ang bola ko!" Nalungkot siya at gusto niyang makuhang muli ang bola niya. Samantala, napansin ng pusa ang timba ng batang lalaki at naisip niya: "Gusto kong kunin ang isda!"*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang panglima at pang-anim na larawan (para makita ng bata ang lahat ng mga larawan): *Kasabay noon, sinimulang kunin ng batang lalaki ang bola mula sa tubig gamit ang kanyang pamingwit. Hindi niya napansing nakakuha na pala ang pusa ng isda. Sa bandang huli, lubos na nasiyahan ang pusa sa pagkain ng masarap na isda at nasiyahan ang batang lalaking makuha muli ang kanyang bola.*

*At dito nagtatapos ang kuwento.*

Pagkatapos sabihin ang "At dito nagtatapos ang kuwento", ibigay ang mga tanong tungkol sa kuwento.

## Gabay para sa pagtatala ng puntos para sa Pusa

### Unang Bahagi: Pagsalaysay

A. Istruktura ng Kuwento (*Story Structure*), B. Batayan ng pagiging komplikado ng istruktura (*Structural Complexity*); C. Mga terminolohiya ukol sa internal na kalagayan o nararamdaman (*Internal State Terms o IST*)

#### A. Istruktura ng Kuwento (*Story Structure*)

		<b>Halimbawa ng mga tamang sagot<sup>2</sup></b>	<b>Puntos</b>
<b>A1.</b>	Tagpuan	Oras at/o lugar na tinukoy, e.g. noong unang panahon/ isang araw/ noon... sa may isang lawa/ sa lawa/ sa tabi ng ilog/ sa may tubig/ sa may baybayin/ sa isang parang...	0 1 2 <sup>3</sup>
<i>Unang Bahagi: Pusa (Tauhan sa bahagi: pusa at paru-paro)</i>			
<b>A2.</b>	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Mapaglaro/mausisa ang <b>pusa</b> Nakita ng <b>pusa</b> ang paru-paro.	0 1
<b>A3.</b>	Layon	Gustong hulihin/kunin/ habulin/laruin ng <b>pusa</b> ang paru-paro/ Para + PANDIWA (hulihin, kunin, laruin)	0 1
<b>A4.</b>	Pagtatangka	Lumundag/tumalon paharap/ pataas ang <b>pusa</b> Naghabol/ Nagsimulang maghabol ang <b>pusa</b> Sinubukang +PANDIWA (manghuli, kumuha, sumunggab, kumuha) ng <b>pusa</b>	0 1
<b>A5.</b>	Resulta/ Kinalabasan	Nahulog ang <b>pusa</b> sa halamanan/ hindi nakuha ang paru-paro/ hindi ganoon kabilis Tumakas/ lumipad palayo/ sobrang bilis ng <b>paru-paro</b>	0 1
<b>A6.</b>	IST bilang reaksyon	Nadismaya/nabigo/nagalit/nasaktan ang <b>pusa</b> Masaya/nagalak ang <b>paru-paro</b> .	0 1
<i>Pangalawang Bahagi: Lalaki (Tauhan: Lalaki)</i>			
<b>A7.</b>	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Malungkot/ hindi masaya/ nag-alala ang <b>lalaki</b> tungkol sa kanyang bola/ Nakita ng <b>lalaki</b> ang bola sa tubig	0 1
<b>A8.</b>	Layon	Napagdesisyunang/gusto ng <b>lalaking</b> makuha pabalik ang kanyang bola Para + PANDIWA (makuha/kunin)	0 1
<b>A9.</b>	Pagtatangka	Hinihila/ Sinubukang hilahin ng <b>lalaki</b> ang bola palabas ng tubig.	0 1
<b>A10.</b>	Resulta/ Kinalabasan	Nakuha ng <b>lalaki</b> ang bola pabalik/ulit/muli Nasalba ang <b>bola</b>	0 1
<b>A11.</b>	IST bilang reaksyon	Nagalak/masaya/nalugod/natuwa/nakuntento/naginhawahan ang <b>lalaki</b> (na makuha ang bola niya pabalik)	0 1

<sup>2</sup> Kung nagdududa ka o wala sa papel ang sagot ng bata para sa pagtala ng puntos, maaaring konsultahin ang manwal.

<sup>3</sup> Walang puntos para sa mali o walang sagot, 1 puntos para sa isang tamang sagot, 2 puntos para sa pagtukoy sa parehong oras at lugar.

<i>Bahagi 3: Pusa (Tauhan: pusa )</i>			
<b>A12.</b>	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Napansin/Nakita ng <b>pusa</b> ang isda Nagutom/Mausisa/Sabik ang <b>pusa</b> sa isda	0 1
<b>A13.</b>	Layon	Gustong/ napagdesisyunang kunin/ hablutin/ kainin/ nakawin ng <b>pusa</b> ang isda Para + PANDIWA (kainin, kunin)	0 1
<b>A14.</b>	Pagtatangka	Hinahablot/Hinihila/Kinukuha/Ninanakaw ng <b>pusa</b> ang isda Hinablot/Hinila/Kinuha ng <b>pusa</b> ang isda (palabas ng timba)/ Inabot ng <b>pusa</b> ang isda Sinubukan ng <b>pusa</b> + PANDIWA (kumuha)	0 1
<b>A15.</b>	Resulta/ Kinalabasan	Kinain/nakuha ng <b>pusa</b> ang isda	0 1
<b>A16.</b>	IST bilang reaksyon	Nakuntento/nagalak/nalugod/natuwa/masaya/ hindi (na) gutom ang <b>pusa</b>	0 1
<b>A17.</b>	<b>Total score out of 17:</b>		

### **B. Batayan ng pagiging komplikado ng istruktura (*Structural Complexity*)**

Bilang ng pagkakasunud-sunod ng PR	Bilang ng nag-iisang L (walang P o R)	Bilang ng pagkakasunud-sunod ng LP / LR	Bilang ng pagkakasunud-sunod ng LPR
B1.	B2.	B3.	B4.

### **C. Mga terminolohiya ukol sa internal na kalagayan o nararamdaman (*Internal State Terms o IST*)**

C1.	<p>Pangkalahatang bilang ng IST (bilang ng paggamit ng iba't-ibang uri). Kasama sa ISTs ang:</p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayan ng pandama</b> e.g. <i>matingnan/makita, marinig, maramdaman/mahipo, maamoy;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayang pisyolohiya:</b> e.g. <i>uhaw, gutom, pagod, masakit, nasasaktan;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kamalayan</b> e.g. <i>buhay, gising, tulog;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayan ng damdamin</b> e.g. <i>malungkot, masaya, natuwa, galit, nag-aalala, nadismaya/ nabigo, takot, mapagmalaki, matapang, ligtas, nagulat</i></p> <p><b>Mga pandiwang pangkaisipan</b> e.g. <i>gusto, naisip, nalaman, nalimutan, napagdesisyunan, naniwala, nagtaka/humanga, mayroon/ gagawa ng plano</i></p> <p><b>Mga pandiwang pang-lingguwistika/ mga pandiwang pananalita/pagsasabi:</b> e.g. <i>magsabi, tumawag, sumigaw, magbabala, magtanong.</i></p>
-----	---

### Pangalawang Bahagi: Pag-intindi

		Halimbawa ng mga tamang sagot	Halimbawa ng mga maling sagot	Puntos
<b>0</b>	Nagustuhan mo ba ang kuwento?	<b>Tanong para sa warm-up. Huwag bigyan ng puntos</b>		
<b>D1</b>	Bakit lumundag/tumalon ang pusa? ( <i>ituro ang unang larawan</i> ) <b>(Bahagi 1: Layon)</b>	Gusto kunin/ habulin ang paru-paro/makipaglaro sa paru-paro Gusto ang paru-paro Para+ PANDIWA (kunin) ang paru-paro	Aalis, tatakbo, gugustuhing tumalon/ Laging tumatalon/ tumatakbo ang mga pusa	0 1
<b>D2</b>	Anong nararamdaman ng pusa? ( <i>ituro ang pangatlong larawan</i> )	Galit/ masama/ nadismaya/ nasaktan/ hindi maganda/ hindi kumportable	Mabuti/Masaya	0 1
<b>D3</b>	( <i>Tanungin lamang ang D3 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D2 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D2, bigyan ng puntos ang D3 at tumuloy sa D4.</i> ) Sa tingin mo, bakit nagalit/ nadismaya/ nasaktan ang pusa? <sup>4</sup> <b>(IST bilang reaksiyon)</b>	Kasi hindi niya mahuli/makuha ang paru-paro/ nahulog ito sa halaman Masakit mahulog sa magaspang/matinik na halamanan Nakatakas/nakalayo ang paru-paro	Hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0 1
<b>D4</b>	Bakit hinawakan/ nilagay ng batang lalaki ang pamingwit sa tubig? ( <i>ituro ang panglimang larawan</i> ) <b>(Bahagi 2: Layon)</b>	Gusto makuha (pabalik) ang bola/ gusto (mabalik) ang bola Para + PANDIWA (kunin/makuha) ang bola (pabalik)	Makalaro sa tubig	0 1
<b>D5</b>	Ano ang nararamdaman ng batang lalaki? ( <i>ituro ang pang-anim na larawan</i> ) <b>(IST bilang reaksiyon)</b>	Mabuti/maayos/masaya/ kuntento/ nalulugod/ natutuwa	Masama/galit/ malungkot	0 1
<b>D6</b>	( <i>Tanungin lamang ang D6 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D5 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D5, bigyan ng puntos ang D6 at tumuloy sa D7.</i> ) Sa tingin mo, bakit masaya o mabuti ang pakiramdam ng batang lalaki? <sup>5</sup>	Kasi nasa kanya ang bola/nakuha na niya pabalik ang bola Puwede + VERB (kunin/makuha) ang bola	Kasi nakangiti siya/ganoon hitsura niya/ hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0 1

<sup>4</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D2.

<sup>5</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D5.

<b>D7</b>	Bakit kinuha/hinablot ng pusa ang isda? ( <i>ituro ang panglimang larawan</i> ) <b>(Bahagi 3: Layon)</b>	Nakapagdesisyon/ gusto kainin/kunin/ nakawin ang isda Kinuha ang kanyang pagkakataon/ oportunidad noong hindi nakatingin ang batang lalaki Hindi nakuha ang paru-paro/ Hindi makuha/kayang kunin ang paru-paro Gusto ng pusa ang isda ( <i>karaniwang kahulugan</i> ) Masarap/ malinamnam ang isda	Gusto makipaglaro sa isda	0	1
<b>D8</b>	Gamitin ang iyong imahinasyon: Kunwari, nakita ng batang lalaki ang pusa. Ano sa tingin mo ang mararamdaman ng batang lalaki? ( <i>ituro ang pang-anim na larawan</i> )	Masama/ galit/ malungkot/ hindi mabuti	Mabuti/ masaya/ kuntento/ nalulugod/ natutuwa	0	1
<b>D9</b>	( <i>Tanungin lamang ang D9 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D8 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D8, bigyan ng puntos ang D9 at tumuloy sa D10</i> ). Sa tingin mo, bakit nagalit ang bata? <sup>6</sup>	Dahil kinain/ kinakain/kinuha ng pusa ang isda Gusto ng batang lalaking kainin/ sa kanya ang isda/ Isda iyon ng batang lalaki	Nasa lupa ang pamingwit/hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0	1
<b>D10</b>	Magiging magkaibigan ba ang batang lalaki at ang pusa? Bakit?	Hindi, (magbigay ng rason e.g. kinain/ninakaw ng pusa ang isda), o kahit anong akmang sagot	Oo/ Di ko alam/ Hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0	1
<b>D11</b>	<b>Pangkalahatang Puntos (sa loob ng 10)</b>				

<sup>6</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D8.

## Protocol para sa Aso<sup>7</sup>

### Pagkukuwento / Muling Pagkukuwento / Modelong Kuwento

Pangalan ng bata: \_\_\_\_\_

Petsa ng kapanganakan: \_\_\_\_\_

Petsa ng pagsusuri: \_\_\_\_\_

Edad sa araw ng pagsusuri: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Kasarian: \_\_\_\_\_

Pangalan ng tagapagsiyasat: \_\_\_\_\_

Simula ng exposure sa L2: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Petsa ng pagpasok sa Kindergarten \_\_\_\_\_

Pangalan ng paaralan: \_\_\_\_\_

Siguraduhing nasa mesa ang bawat sobre bago magsimula ang pagsusuri. Ihanda ang *audio-video recorder* upang mai-rekord ang sesyon. Simulan ang pagrerekord bago ang *warm-up*.

#### **Warming- Up**

Halimbawa ng tanong: *Sino ang pinakamatalik mong kaibigan? Ano ang paborito mong palabas sa TV? Mahilig ka ba magkuwento? Handa ka na bang makinig sa mga kuwento?*

#### **Mga Panuto**

##### **Mga Panuto sa Pagkukuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang mga larawan hanggang sa ang buong pagkakasunud-sunod ng mga larawan ang kita. *Tingnan mo muna maigi ang buong kuwento. Handa ka na ba?*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang unang dalawang larawan. Ito lamang ang dapat nakikita ng bata. Sabihin sa bata: *Ngayon, gusto ko, ikaw naman ang magkukuwento. Tingnan mo ang mga larawan at ikuwento ito sa abot ng iyong makakaya.*” Maaaring magbigay ng mga gabay kung sakaling nahihya o ayaw ng batang magsimula tulad ng: *“Pakikuwento sa akin ang mga larawan (sabay turo sa larawan).”* Pagkatapos ng batang magkuwento ng unang dalawang larawan, tanggalin sa pagkakatiklop ang mga sumusunod (para kita na lahat ng mga larawan simula 1 hanggang 4). Ulitin ang proseso hanggang sa matapos ang kuwento. Mga pwedeng gabay para sa bata kung sakaling tumahimik siya sa gitna ng kuwento: *“Mayroon pa ba?” “Ipagpatuloy mo”, “Magkuwento ka pa”, “Tingnan natin kung ano pa ang nasa kuwento”.*

---

<sup>7</sup> Mayroong mga alternatibong larawan para sa kuwentong ito depende sa kultura ng lugar na paggagamitan. Pakitingnan ang website ng MAIN para rito.

Kapag tumigil ang bata nang hindi siya nagsasabi na tapos na itong magkuwento, tanungin ito “*Sabihan mo ako kung tapos ka na.*”

Pagkatapos magkuwento ng bata, purihin ito at ibigay ang mga tanong para sa masuri ang kanyang pag-intindi sa kuwento.

### **Mga Panuto sa Muling Pagkukuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang larawan hanggang sa ang bata lamang ang makakakita ng kabuuan ng kuwento. *Una, tingnan mong mabuti ang buong kuwento. Handa ka na ba? Ikukuwento ko muna ang bawat larawan tapos ikaw naman ang magkukuwento pagkatapos.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang una at pangalawang larawan. *Dito nagsisimula ang kuwento: (ituro ang unang larawan): Isang araw, may isang mapaglarong asong nakakita ng itim o kulay-abong daga na nakaupo malapit sa puno. Lumundag ang aso dahil gusto niyang kunin ito. Samantala, pabalik ang masayahing batang lalaki galing sa pamimili na may hawak na supot at lobo. Pinagmasdan niya ang asong humahabol sa daga.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang pangatlo at pang-apat na larawan (para kita na ng bata ang una hanggang pang-apat na larawan): *Mabilis na tumakbo papalayo ang daga at nabangga ang aso sa puno. Nasaktan niya ang kanyang sarili at galit na galit siya. Sobrang nagulat ang batang lalaki kaya nabitawan niya ang lobo. Nang makita niyang lumipad ang lobo patungo sa puno, sumigaw siya ng: “Lagot, lumipad na ang lobo ko!” Nalungkot ang batang lalaki at gusto niyang makuhang muli ang kanyang lobo. Samantala, napansin ng aso ang supot ng batang lalaki at naisip niya: “Gusto kong kunin ang longganisa.”*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang panglima at pang-anim na larawan (para kita na ng bata ang lahat ng mga larawan): *Kasabay noon, sinimulang hilahin ng batang lalaki ang lobo mula sa puno. Hindi niya napansing nakuha na pala ng aso ang longganisa. Sa bandang huli, lubos na nasiyahan ang aso sa pagkain ng masarap na longganisa at nasiyahan naman ang bata na nakuha niyang muli ang kanyang lobo.*

*At dito nagtatapos ang kuwento.*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang mga larawan hanggang sa ang unang dalawang larawan lamang ang nakikita ng bata. Sabihin sa bata: *“Ngayon, gusto ko, ikaw naman ang magkukuwento. Tingnan mo ang mga larawan at ikuwento ito sa abot ng iyong makakaya.”* Maaaring magbigay ng mga gabay kung sakaling nahihiya o ayaw ng batang magsimula tulad ng: *“Pakikuwento sa akin ang mga larawan (sabay turo sa larawan).”* Pagkatapos ng batang magkuwento ng unang dalawang larawan, tanggalin sa pagkakatiklop ang mga sumusunod (para kita na lahat ng mga larawan simula 1 hanggang 4). Ulitin ang proseso hanggang sa matapos ang kuwento. Mga pwedeng gabay para sa bata kung sakaling tumahimik siya sa gitna ng kuwento: *“Mayroon pa ba?” “Ipagpatuloy mo”, “Magkuwento ka pa”, “Tingnan natin kung ano pa ang nasa kuwento”.* Kapag tumigil ang bata nang hindi siya nagsasabi na tapos na itong magkuwento, tanungin ito “*Sabihan mo ako kung tapos ka na.*”. Pagkatapos magkuwento ng bata, purihin ito at ibigay ang mga tanong para sa masuri ang kanyang pag-intindi sa kuwento.

### **Mga Panuto sa Modelong Kuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at sasabihin ko sa iyo ang kuwento.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang larawan hanggang sa ang bata lamang ang makakakita ng kabuuan ng kuwento. *Una, tingnan mong mabuti ang buong kuwento. Handa ka na ba? Ikukuwento ko muna ang bawat larawan tapos Ikukuwento ko muna ang bawat larawan tapos may mga itatanong ako sa iyo.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang una at pangalawang larawan. *Dito nagsisimula ang kuwento: (ituro ang unang larawan): Isang araw, may isang mapaglarong asong nakakita ng itim o kulay-abong daga na nakaupo malapit sa puno. Lumundag ang aso dahil gusto niyang kunin ito. Samantala, pabalik ang masayahing batang lalaki galing sa pamimili na may hawak na supot at lobo. Pinagmasdan niya ang asong humahabol sa daga.*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang pangatlo at pang-apat na larawan (para kita na ng bata ang una hanggang pang-apat na larawan): *Mabilis na tumakbo papalayo ang daga at nabangga ang aso sa puno. Nasaktan niya ang kanyang sarili at galit na galit siya. Sobrang nagulat ang batang lalaki kaya nabitawan niya ang lobo. Nang makita niyang lumipad ang lobo patungo sa puno, sumigaw siya ng: "Lagot, lumipad na ang lobo ko!" Nalungkot ang batang lalaki at gusto niyang makuhang muli ang kanyang lobo. Samantala, napansin ng aso ang supot ng batang lalaki at naisip niya: "Gusto kong kunin ang longganisa."*

Tanggalin sa pagkakatiklop ang panglima at pang-anim na larawan (para kita na ng bata ang lahat ng mga larawan): *Kasabay noon, sinimulang hilahin ng batang lalaki ang lobo mula sa puno. Hindi niya napansing nakuha na pala ng aso ang longganisa. Sa bandang huli, lubos na nasiyahan ang aso sa pagkain ng masarap na longganisa at nasiyahan naman ang bata na nakuha niyang muli ang kanyang lobo.*

*At dito nagtatapos ang kuwento.*

Pagkatapos sabihin ang "At dito nagtatapos ang kuwento", ibigay ang mga tanong tungkol sa kuwento.



## Gabay para sa pagtatala ng puntos para sa Aso

### Unang Bahagi: Pagsalaysay

A. Istruktura ng Kuwento (*Story Structure*); B. Batayan ng pagiging komplikado ng istruktura (*Structural Complexity*); C. Mga terminolohiya ukol sa internal na kalagayan o nararamdaman (*Internal State Terms o IST*)

#### A. Istruktura ng Kuwento (*Story Structure*)

		Halimbawa ng mga tamang sagot <sup>8</sup>	Puntos
A1.	Tagpuan	Oras at/o lugar na tinukoy, e.g. noong unang panahon/ isang araw/ noon... sa isang kagubatan/ sa isang parke/ sa isang parang/ sa isang field/ sa may puno/ malapit sa puno/ sa may daan	0 1 2 <sup>9</sup>
<i>Unang Bahagi: Aso (Tauhan sa bahagi: aso at daga)</i>			
A2.	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Mapaglaro/mausisa ang <b>aso</b> Nakita ng <b>aso</b> ang daga.	0 1
A3.	Layon	Gusto hulihin/kunin/ habulin/laruin ng <b>aso</b> ang daga Para + PANDIWA (hulihin, kunin, laruin/makipaglaro)	0 1
A4.	Pagtatangka	Lumundag/tumalon paharap/ pataas ang <b>aso</b> Naghabol/ Nagsimulang maghabol ang <b>aso</b> Sinubukang +PANDIWA (humuli, kumuha, sumunggab, kunin) ng <b>aso</b>	0 1
A5.	Resulta/ Kinalabasan	Nauntog ang <b>aso</b> / nauntog sa puno/ hindi nakuha ang daga/ hindi ganoon kabilis Tumakas/ tumakbo papunta sa likod ng puno/ sobrang bilis ng <b>daga</b>	0 1
A6.	IST bilang reaksyon	Nadismaya/nabigo/nagalit/nasaktan ang <b>aso</b> Masaya/nagalak/naginhawaan ang <b>daga</b>	0 1
<i>Pangalawang Bahagi: Lalaki (Tauhan:lalaki)</i>			
A7.	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Malungkot hindi masaya/ nag-alala ang <b>lalaki</b> tungkol sa kanyang lobo Nakita ng <b>lalaki</b> ang lobo sa puno	0 1
A8.	Layon	Napagdesisyunan/gusto ng <b>lalaking</b> makuha pabalik ang kanyang lobo Para + PANDIWA (makuha/kunin)	0 1
A9.	Pagtatangka	Hinihila/ Sinubukang hilahin ng <b>lalaki</b> ang lobo pababa ng puno/ inaabot (ang lobo)/ umaakyat (ng puno)	0 1
A10.	Resulta/ Kinalabasan	Nakuha ng <b>lalaki</b> ang lobo pabalik/ulit/muli Nasalba ang <b>lobo</b>	0 1

<sup>8</sup> Kung nagdududa ka o wala sa papel ang sagot ng bata para sa pagtala ng puntos, maaaring konsultahin ang manwal.

<sup>9</sup> Walang puntos para sa mali o walang sagot, 1 puntos para sa isang tamang sagot, 2 puntos para sa pagtukoy sa parehong oras at lugar.

<b>A11.</b>	IST bilang reaksyon	Nagalak/masaya/nalugod/natuwa/nakuntento/naginh awaan ang <b>lalaki</b> (na makuha muli ang kanyang lobo)	0 1
<i>Bahagi 3: Aso (Tauhan: aso )</i>			
<b>A12.</b>	IST bilang panimulang pangyayari/ kaganapan	Napansin/Nakita ng <b>aso</b> ang longganisa (sa supot) Nagutom/Mausisa/Sabik ang <b>aso</b> sa longganisa	0 1
<b>A13.</b>	Layon	Gusto/ napagdesisyunang kunin/ hablutin/ kainin/ nakawin ng <b>aso</b> ang longganisa Para + PANDIWA (kainin, kunin)	0 1
<b>A14.</b>	Pagtatangka	Hinahablot/Hinihila/Kinukuha/Ninanakaw ng <b>aso</b> ang longganisa Hinablot/Hinila/Kinuha ng <b>aso</b> ang longganisa (palabas ng supot)/Inabot ng <b>aso</b> ang longganisa Sinubukan ng <b>aso</b> + PANDIWA (kunin)	0 1
<b>A15.</b>	Resulta/ Kinalabasan	Kinain/nakuha ng <b>aso</b> ang longganisa	0 1
<b>A16.</b>	IST bilang reaksyon	Nakuntento/nagalak/nalugod/natuwa/masaya/ hindi (na) gutom ang <b>aso</b>	0 1
<b>A17.</b>	<b>Total score out of 17:</b>		

### B. Batayan ng pagiging komplikado ng istruktura (*Structural Complexity*)

Bilang ng pagkakasunud-sunod ng PR	Bilang ng nag-iisang L (walang P o R)	Bilang ng pagkakasunud-sunod ng LP / LR	Bilang ng pagkakasunud-sunod ng LPR
B1.	B2.	B3.	B4.

### C. Mga terminolohiya ukol sa internal na kalagayan o nararamdaman (*Internal State Terms o IST*)

C1.	<p>Pangkalahatang bilang ng IST (bilang ng paggamit ng iba't-ibang uri). Kasama sa ISTs ang:</p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayan ng pandama</b> e.g. <i>matingnan/makita, marinig, maramdaman/mahipo, maamoy;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayang pisyolohiya:</b> e.g. <i>uhaw, gutom, pagod, masakit, nasasaktan;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kamalayan</b> e.g. <i>buhay, gising, tulog;</i></p> <p><b>Terminolohiya tungkol sa kalagayan ng damdamin</b> e.g. <i>malungkot, masaya, natuwa, galit, nag-aalala, nadismaya/ nabigo, takot, mapagmalaki, matapang, ligtas, nagulat;</i></p> <p><b>Mga pandiwang pangkaisipan</b> e.g. <i>gusto, naisip, nalaman, nalimutan, napagdesisyunan, naniwala, nagtaka/humanga, mayroon/ gagawa ng plano</i></p> <p><b>Mga pandiwang pang-lingguwistika/ mga pandiwang pananalita/pagsasabi:</b> e.g. <i>magsabi, tumawag, sumigaw, magbabala, magtanong.</i></p>
-----	--

### Pangalawang Bahagi: Pag-intindi

		Halimbawa ng mga tamang sagot	Halimbawa ng mga maling sagot	Puntos
<b>0</b>	Nagustuhan mo ba ang kuwento?	<b>Tanong para sa warm-up. Huwag bigyan ng puntos</b>		
<b>D1</b>	Bakit lumundag/tumalon ang aso? (ituro ang unang larawan) <b>(Bahagi 1: Layon)</b>	Gusto kunin/ habulin ang daga/makipaglaro sa daga Gusto ang daga Para + PANDIWA (kunin) ang daga	Aalis, tatakbo, gugustuhing tumalon/ tumatalon lagi ang aso	0    1
<b>D2</b>	Anong nararamdaman ng aso? (ituro ang pangatlong larawan)	Galit/ masama/ nadismaya/ nasaktan/ hindi maganda/ hindi kumportable	Mabuti/ Masaya	0    1
<b>D3</b>	<i>(Tanungin lamang ang D3 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D2 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D2, bigyan ng puntos ang D3 at tumuloy sa D4).</i> Sa tingin mo, bakit nagalit/ nadismaya/ nasaktan ang aso? <sup>10</sup> <b>(IST bilang reaksyon)</b>	Kasi hindi niya mahuli/makuha ang daga, nabunggo /natamaan ang ulo/ nabangga sa puno Masakit pag nabangga ka sa puno Nakatakas/ lumayo ang daga	Hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0    1
<b>D4</b>	Bakit tumalon/lumundag ang batang lalaki (ituro ang panglimang larawan) <b>(Bahagi 2: Layon)</b>	Gusto makuha pabalik ang lobo Gusto ang lobo (mabalik) Para + PANDIWA (kunin,makuha) ang lobo (pabalik)	Umakyat ng puno/mga puno	0    1
<b>D5</b>	Ano nararamdaman ng batang lalaki? (ituro ang pang-anim na larawan) <b>(IST bilang reaksyon)</b>	Mabuti/ maayos/ masaya/ kuntento/ nalulugod/ natutuwa	Masama, galit, malungkot	0    1
<b>D6</b>	<i>(Tanungin lamang ang D6 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D5 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D5, bigyan ng puntos</i>	Kasi nakuha na niya pabalik ang lobo Pwede + PANDIWA (kunin/makuha) ang lobo	Kasi nakangiti siya, ganoon hitsura niya o hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0    1

<sup>10</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D2.

	<i>ang D6 at tumuloy sa D7).</i> Sa tingin mo, bakit masaya o mabuti ang pakiramdam ng batang lalaki? <sup>11</sup>			
<b>D7</b>	Bakit kinuha/hinablot ng aso ang longganisa ( <i>ituro ang panglimang larawan</i> ) <b>(Bahagi 3: Layon)</b>	Nakapagdesisyon/ gusto kumain/ kunin/ nakawin ang longganisa/ Kinuha ang tsansya/oportunidad habang hindi nakatingin ang batang lalaki Hindi nakuha ang daga/ hindi makuha ang daga Gusto ng aso ang longganisa/ karne ( <i>karaniwang kahulugan</i> ) Masarap/ malinamnam ang longganisa	Gusto laruin ang supot	0 1
<b>D8</b>	Gamitin ang iyong imahinasyon: Kunwari nakita ng batang lalaki ang aso. Ano sa tingin mo ang mararamdaman ng batang lalaki? ( <i>ituro ang pang-anim na larawan</i> )	Masama/ galit/ malungkot/hindi maganda	Mabuti/ masaya/ kuntento/ nalulugod/ natutuwa	0 1
<b>D9</b>	( <i>Tanungin lamang ang D9 kung nakapagbigay ng tamang sagot ngunit walang paliwanag sa D8 ang bata. Kung nagbigay agad ito ng tamang paliwanag sa D8, bigyan ng puntos ang D9 at tumuloy sa D10.</i> ) Sa tingin mo, bakit nagalit ang batang lalaki? <sup>12</sup>	Dahil kinain/ kinakain/kinuha ng aso ang kanyang lomgganisa Gusto ng batang lalaki na kainin/ sa kanya ang longganisa Longganisa iyon ng batang lalaki	Hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0 1
<b>D10</b>	Magiging magkaibigan ba ang batang lalaki at ang aso? Bakit?	Hindi, (magbigay ng rason e.g. kinain/ninakaw ng aso ang longganisa), o kahit anong akmanag sagot	Oo/ Di ko alam/ Hindi akma o walang kaugnayan ang sagot.	0 1
<b>D11</b>	<b>Pangkalahatang Puntos (sa loob ng 10)</b>			

<sup>11</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D5.

<sup>12</sup> Gamitin ang parehong IST na isinagot ng bata sa bilang D8.

## Protocol para sa Maliit na Ibon<sup>13</sup>

### Pagkukuwento / Muling Pagkukuwento / Modelong Kuwento

Pangalan ng bata: \_\_\_\_\_

Petsa ng kapanganakan: \_\_\_\_\_

Petsa ng pagsusuri: \_\_\_\_\_

Edad sa araw ng pagsusuri: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Kasarian: \_\_\_\_\_

Pangalan ng tagapagsiyasat: \_\_\_\_\_

Simula ng exposure sa L2: \_\_\_\_\_  
(gamitin ang buwan)

Petsa ng pagpasok sa Kindergarten \_\_\_\_\_

Pangalan ng paaralan: \_\_\_\_\_

Siguraduhing nasa mesa ang bawat sobre bago magsimula ang pagsusuri. Ihanda ang *audio-video recorder* upang mai-rekord ang sesyon. Simulan ang pagrerekord bago ang *warm-up*.

#### **Warming- Up**

Halimbawa ng tanong: *Sino ang pinakamatalik mong kaibigan? Ano ang paborito mong palabas sa TV? Mahilig ka ba magkuwento? Handa ka na bang makinig sa mga kuwento?*

#### **Mga Panuto**

##### **Mga Panuto sa Pagkukuwento**

Umupo sa harap ng bata at sabihin ito sa kanya: *May tatlong sobre rito. May iba't ibang kuwento sa bawat sobre. Pumili ka ng isa at ikuwento mo ito sa akin.*"

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang mga larawan hanggang sa ang buong pagkakasunud-sunod ng mga larawan ang kita. *Tingnan mo muna maigi ang buong kuwento. Huwag mong ipakita sa akin ang mga larawan. Handa ka na ba?*

Pakitanggal sa pagkakatiklop ang unang dalawang larawan. Ito lamang ang dapat nakikita ng bata. Sabihin sa bata: *Ngayon, gusto ko, ikaw naman ang magkukuwento. Tingnan mo ang mga larawan at ikuwento ito sa abot ng iyong makakaya.*"

